



## HEART FOR THE LOST

### PANIMULA

Ang maligaw o mawalan ng importanteng gamit ay hindi masayang karanasan. Gagawin mo ang lahat para lamang mahanap ang bagay na iyon. Ganun din ang gagawin ng Panginoon. Siya ay nasa isang misyon upang hanapin ang mga anak niyang naliligaw ng landas. Kaya pinadala niya ang kaniyang bugtong na anak na si Hesus dito sa lupa para maibalik muli ang kanyang mga anak sa kanyang piling.

### TANONG TALAKAYAN

#### GISINGIN/PUKAWIN

1. Ibahagi ang karanasan mo noong naligaw ka. Ano ang naramdaman mo noong mga panahong iyon? Paano mo nahanap ang tamang daan papunta sa iyong parooroonan?
2. Ano ang pinakaimportanteng bagay ang nawala sa iyo? Ano ang ginawa mo noong nalaman mong nawawala iyon?

#### MAKIAYON

3. Basahin ang Lukas 15:1-7. Bakit nagrereklamo ang mga Pariseo at mga guro ng kautusan kay Hesus patungkol sa pakikipagsalo niya sa mga makasalanan?
4. Ano ang ipinapahiwatig ng kwento ng nawalang tupa patungkol sa puso ng Panginoon? Paano ito nakakagaan sa iyo? Paano naman ito nakakahamon?

#### GAWIN

5. Kung ikaw ay isa sa mga tagakolekta ng buwis at makasalanan, ano kaya ang mararamdaman mo noong nagkukwento si Hesus patungkol sa talinghaga ng nawalang tupa? Kung ikaw naman ay isa sa mga Pariseo at guro ng kautusan, ano ang mararamdaman mo?
6. Kamusta ang puso mo para sa mga makasalanan at naliligaw ng landas? Meron ka bang ganoong puso na meron ang Panginoon sa kanila? Ano ang mga kailangan mong baguhin para masundan mo si Hesus kung paano nya inabot ang mga naliligaw? Paano makakatulong sa iyo ang grupo sa bagay na ito?

### PAGSULONG

Nagsasaya ang langit sa tuwing may makasalalang nanumbalik sa Panginoon. Ang pag-asam ng kagalakang ito ang siyang nag-uudyok kay Hesus na makipaghalubilo sa mga makasalanan. Kaya gawin din natin ang ginawa niya. Tingnan natin sila hindi bilang mga makasalanan at madudumi kundi mga naliligaw na tupa na ang kailangan ay isang pastol. Ang puso ng Panginoon ay para doon sa isang tupang naliligaw na kailangang matagpuan. Dahil ang napaka importante ay kailangang matagpuan.

### PAGPAPANIBAGONG ISIP

*Sinasabi ko sa inyo: Sa gayunding paraan magkakaroon ng kagalakan sa langit sa isang makasalalang nagsisi. Ang kagalakang ito ay higit pa kaysa siyamnapu't-siyam na mga matuwid na hindi kailangang magsisi.*

#### Lukas 15:7